



City of Los Angeles, Bureau of Sanitation
 P.O. Box 811040
 Los Angeles, CA 90081

PAUNAWA NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG

IMINUMUNGKAHING SOLID RESOURCES FEE RATE PARA SA MGA CUSTOMER NG LASAN

**Septiyembre 30, 2025
 10:00 A.M.**

Los Angeles City Hall
 John Ferraro
 Council Chamber, Room 340
 200 North Spring Street,
 Los Angeles, 90012



Ang pahayag na ito ay makukuha sa ibat-ibang wika sa lacitysan.org/srfrates2025



BAGONG SOLID RESOURCES FEE IMINUMUNGKAHING BAYARIN

IMPORMASYON AYON SA PANGYAYARI

Ang Lungsod ng Los Angeles ay nagmumungkahi na taasan ang mga rate ng Solid Resources Fee (tinatawag ding trash fee) sa unang pagkakataon sa loob ng 17 taon. Ang iminungkahing pagtaas ay kinakailangan upang magpatakbo ng mga serbisyo ng basura at pag-recycle na mahalaga para sa kalusugan at kaligtasan ng lahat ng Angelenos, at sumunod sa mga mandato ng regulasyon tungkol sa basura ng pagkain, pag-recycle, at iba pang mga materyales. Natatanggap mo ang abisong ito upang ipaalam sa iyo ang mga iminungkahing mga rate ng Solid Resources Fee, naka-iskedyul na mga webinar ng impormasyon, at isang pampublikong pagdinig sa mga iminungkahing webinar ng mga rate, at isang pampublikong pagdinig sa mga iminungkahing rate.

Ang mga bayarin na ito ay kasama sa iyong Los Angeles Department of Water and Power utility bill at ang pinagmumulan ng pagpopondo sa Solid Resources Program ng Lungsod. Ang mga bayarin ay nagbibigay ng pagpopondo para sa pangongolekta, paglilipat, pag-recycle, pagbawi ng mga mapagkukunan ng basura, at/o pagtatapon ng solidong basura na kinokolekta ng Lungsod ng Los Angeles, kabilang ang lingguhang pangongolekta ng humigit-kumulang dalawang milyong lalagyan ng basura, mga ginupit sa bakuran, basura ng pagkain, at mga recyclable mula sa 743,000 na kabahayan sa Los Angeles. Ang Lungsod ay may higit sa 700 na mga trak ng koleksyon, karamihan sa mga ito ay tumatakbo gamit ang natural na gas. Lima sa anim na distritong yarda ng Lungsod ay nilagyan ng natural na gas upang mabawasan ang mga epekto sa kapaligiran.

Ang Lungsod ng Los Angeles ay nagmumungkahi na taasan ang mga rate ng Solid Resources Fee (tinatawag ding trash fee) sa unang pagkakataon sa loob ng 17 taon. Ang iminungkahing

Pinopondohan din ng Solid Resources Fee ang maraming ibat-ibang mga serbisyo para sa mga nagbabayad ng rate kabilang ang:

- Walang Limitasyong pagkolekta ng malalaking items (Bulky-items) Kabilang ang Furniture, Mattress, at Appliances
- Pag-alis ng Patay na Hayop
- Pag-aayos at Pagpapalit ng Lalagyan
- Mga Ligtas na Sentro para sa Peligrosong Basura sa Bahay Pagbuo, Pagkuha, Pagtatayo, at Pagpapanatili ng Solid Waste Pasilidad
- Isang Centralized Recycling at Transfer Station

Pinopondohan din ng bayad ang ilang taunang serbisyo kabilang ang pag-recycle ng Christmas tree, pana-panahong pagkolekta ng brush, kung kinakailangan ang serbisyo ng Move in - Move out, 24 na oras na serbisyo sa Customer Care Center, at edukasyon at outreach.

Ang mga nakolektang bayad sa Solid Resources ay hindi sumasakop sa buong halaga ng serbisyo. Ang pagbabago sa mga rate na ito ay makakatulong sa secure na pagpopondo na kinakailangan para sa koleksyon ng solidong basura at mga serbisyo sa pag-recycle para sa mga nagbabayad ng rate.

Kung ang mga iminungkahing rate ay pinagtibay, lahat ng mga customers na nabibilang sa may mababang kita na kwalipikado ay pwedeng mag-apply para sa 30% na diskwento sa kanilang Solid Resources Fee.

MGA HALIMBAWA NG MGA SERBISYO NA BINABAYARAN NG IYONG SOLID RESOURCES FEES:



Lingguhang koleksyon ng mga basura, mga basura buhat sa bakuran at basura ng pagkain, at mga recyclable



Ang fleet ng LA ng higit sa 700 mga sasakyang pangkolekta, karamihan sa mga ito ay tumatakbo gamit ang natural gas fuel



Ang fleet ng LA ng higit sa 700 mga sasakyang pangkolekta, karamihan sa mga ito ay tumatakbo gamit ang natural gas fuel



Pag-recycle ng Christmas tree



Edukasyon sa komunidad at serbisyo ng 24/7 Customer Care Center



IMINUMUNGKAHING BAYAD SA BUWANANG SOLID RESOURCES FEE

Ang mga rate ay binuo batay sa isang pagsusuri sa gastos ng serbisyo upang magdala ng sapat na mga kita upang masakop ang aktwal na mga gastos sa pagpapatibay at pagpapanatili ng isang ligtas, maaasahan, at epektibong Solid Resources Program. Ang mga iminumungkahing buwanang rate ay naglalaan ng mga gastos sa mga residential na customer na proporsyonal sa halaga ng serbisyong maiiugnay sa kanilang mga parsel. Kasama sa mga serbisyo sa base level na agad na magagamit sa bawat customer ang isang 60-gallon na itim na lalagyan para sa basura, 90-gallon na berdeng lalagyan para sa mga basura buhat sa bakuran at basura ng pagkain, at 90-gallon na asul na lalagyan para sa mga recyclable.

Iminungkahing Mga Bayad sa Buwanang Solid Resources

Buwanang Solid Resources	KASALUKUYAN	FALL 2025	HULYO 2026	HULYO 2027	HULYO 2028	HULYO 2029
Bayad sa Single Family Solid Resources (bawat unit ng tirahan)	\$36.32	\$55.95	\$59.53	\$60.44	\$63.27	\$65.93
Bayarin sa Duplex Solid Resources (bawat unit ng tirahan)	\$36.32	\$55.95	\$59.53	\$60.44	\$63.27	\$65.93
Multi-Family (3-4 units*) Solid Resources Fee (bawat unit ng tirahan)	\$24.33	\$55.95	\$59.53	\$60.44	\$63.27	\$65.93

Iminungkahing Mga Bayarin sa Buwanang Solid Resources sa mga customer na may mababang kita upang magkaroon ng tulong pinansyal.

Buwanang Solid Resources	KASALUKUYAN	FALL 2025	HULYO 2026	HULYO 2027	HULYO 2028	HULYO 2029
Bayad sa Single Family Solid Resources (bawat unit ng tirahan) - Mababang Kita (30% na diskwento)	\$25.42	\$39.17	\$41.67	\$42.31	\$44.29	\$46.15
Bayarin sa Duplex Solid Resources (bawat unit ng tirahan) - Mababang Kita (30% na diskwento)	\$25.42	\$39.17	\$41.67	\$42.31	\$44.29	\$46.15
Multi-Family (3-4 units*) Solid Resources Fee (bawat dwelling unit) - Mababang Kita (30% discount)	\$17.03	\$39.17	\$41.67	\$42.31	\$44.29	\$46.15

* Ang mga limitadong pagbubukod para sa mga tirahan na may higit sa apat na



PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON:

Bisitahin ang lacitysan.org/srfrates2025, mag-email sa amin sa sansrfrates2025@lacity.org o tumawag sa 1-800-773-2489 sa pagitan ng 7:30 a.m. at 5:30 p.m.

TULONG PARA SA MGA SAMBAHAY NA NANGANGAILANGAN

Kwalipikado ka ba para sa 30% na diskwento sa iyong Solid Resources Fee?

Maaaring ang iyong sambahayan ay mapagkalooban ng tulong pinansyal upang mabawi ang iminumungkahing pagtaas ng rate. Kung magkakabisa ang mga iminumungkahing rate, ang mga customer na mababa ang kita ay pwedeng mag-apply para sa tulong. Magpapatuloy ang tulong para sa mga karapat-dapat na sambahayan.

Magagawa mo ring bayaran ang iyong bill buwan-buwan sa halip na dalawang buwan at ang opsyong ito ay magagamit sa lahat ng nagbabayad ng rate - walang kinakailangan sa pagiging karapat-dapat sa kita.

Upang malaman kung kwalipikado ka para sa Low Income Assistance Program o para gawin ang pagbabago sa iyong iskedyul ng pagsingil, bisitahin ang: lacitysan.org/srfrates2025

PROPOSISYON 218 - ANG PROSESO NG PROTESTA

Ang Lungsod ng Los Angeles ay magsasagawa ng pampublikong pagdinig sa Septyembre 30, 2025 sa ganap na 10:00 a.m. sa Los Angeles City Hall, John Ferraro Council Chamber, Room 340, 200 North Spring Street, Los Angeles, upang isaalang-alang ang pagpapatibay ng mga pagbabago sa mga rate ng Solid Resources Fee, at upang isaalang-alang ang lahat ng nakasulat na protesta laban sa mga iminumungkahing rate. Maaaring dumalo at magsalita ang mga miyembro ng publiko sa pampublikong pagdinig o maaaring i-stream ang pagdinig sa <https://www.youtube.com/@LACityClerk>. Ang mga oral na komento sa pampublikong pagdinig ay hindi magiging kwalipikado bilang mga nakasulat na protesta.

Ang mga nakasulat na protesta ay maaaring isumite sa pamamagitan ng koreo sa Lungsod ng Los Angeles, Opisina ng Klerk ng Lungsod, Dibisyon ng Halalan, 555 Ramirez St., Space 300, Los Angeles, CA 90012. Ang mga nakasulat na protesta na isinumite nang personal ay dapat ihatid sa Opisina ng Klerk ng Lungsod, Dibisyon ng Halalan, 555 Ramirez St. Ang mga nakasulat na protesta na isinumite sa pamamagitan ng koreo ay dapat matanggap ng Opisina ng Klerk ng Lungsod nang hindi lalampas sa 5:00 p.m. sa petsa ng pagdinig. Ang lahat ng nakasulat na protesta ay dapat isama ang 1) ang nakalimbag na buong pangalan at orihinal na pirma ng may-ari o nangungupahan na nagsumite ng protesta; at 2) ang address ng kalye at Assessor Parcel Number (APN) ng parsel. Walang garantiya na tama ang APN na naka-print sa mailer na ito. Dapat mong i-verify at ibigay ang tamang APN kung sakaling hindi sinasadyang mali ang natukoy sa mailer na ito. May opsyon kang gamitin ang form na ito bilang iyong nakasulat na protesta at ipadala ito sa Klerk ng Lungsod.

Isang nakasulat na protesta lamang ang mabibilang sa bawat natukoy na parsel. Ang mga protesta na isinumite sa pamamagitan ng email o iba pang elektronikong paraan ay hindi kwalipikado at hindi tatanggapin. Sa oras ng pampublikong pagdinig, o sa susunod na praktikal na pulong ng Konseho ng Lungsod, ang Konseho ng Lungsod ay makakatanggap ng pangwakas na tabulasyon ng lahat ng nakasulat na protesta na natanggap ng Klerk ng Lungsod. Maaaring aprubahan ng Konseho ng Lungsod ang mga pagsasabay ng rate maliban kung ang karamihan ng mga customer ay naghain ng wastong nakasulat na protesta.

Ako si _____ (Print name) ay nagpoprotesta sa iminumungkahing pagtaas ng halaga ng Solid Resources Fee.

Numero ng Parcel ng Assessor: _____ Ako ang may-ari ng ari-arian nangungupahan

Address ng Ari-arian: _____

Lagda: _____

WEBINARS NA NAGBIBIGAY IMPORMASYON AYON SA IMINUMUNGKAHING SOLID RESOURCE FEE RATES

Ang LA Sanitation and Environment ay nag-aalok ng Zoom webinar tungkol sa mga iminumungkahing rate. Mangyaring magparehistro nang maaga sa pamamagitan ng pagpunta sa mga link o QR code sa ibaba. Magsisimula kaagad ang mga pagpupulong. Ang mga presentasyon ay ire-record at magagamit para mapanood sa lacitysan.org/srfrates2025.



Miyerkules, Agosto 27, 2025
nang 6:00 p.m.

https://us02web.zoom.us/join/register/WN_GMvWxR-R8ipZN6k9E6n1A



Sabado, Septyembre 13, 2025
nang 10:00 a.m.

https://us02web.zoom.us/join/register/WN_rOv1a6KtRRyB459TZd8Sbg

Kabilang sa entity na sumasailalim ng Title II ng Americans with Disabilities Act, ang Lungsod ng Los Angeles ay hindi nagtatangi batay sa kapansanan at, kapag hiniling, ay magbibigay ng makatwirang akomodasyon upang matiyak ang pantay na pag-access sa mga programa, serbisyo at aktibidad nito. Mangyaring mag-email sa sansrfrates2025@lacity.org para humiling ng tulong na kailangan mo, isang linggo bago ang webinar na dadaluhan mo.

